# KUNDI DUGO AY HANGIN

Alec Joshua Paradeza

Umupo si Thelma sa pinakamataas na sanga ng pinakamataas na puno ng mangga. Kung ang mga kaibigan niya ay nagkaroon na ng takot na bibigay ang mga sanga sa bagong bigat ng pagdadalaga at pagbibinata, taliwas ang gaan sa puso ni Thelma. Walang panginginig sa pagtulay ng kahoy, walang pagkabahala sa indak ng mga tangkay at dahon sa hangin. Sinabayan niya ito ng malalim na paghinga. Halos sayaw ang pag-akyat, may takdang galaw sa takdang oras.

Mula sa kinauupuan ay tanaw ni Thelma ang lawak ng bayan. Sa daya, ang bahay nila, napalilibutan ng bahay ng mga kamag-anak at kababata at kaibigan. Sa laod, ang laot—nilalamon ng lumalalim na tubig ang lumulubog na araw. Sa amianan, abot ng mata niya ang talipapa, kung saan unti-unting naglalagas ang bilang ng tao. Sa abagatan, ang bukana papasok ng gubat, ang pinakamadaling daan patungo sa puso ng bundok.

Sa tuktok ng bundok ay namumuo ang itim na mga ulap at mabilis na kumakalat ang kulimlim. Palaging nagbabadya ang galit ng panahon tuwing nandito siya. Bagaman parang tinataboy palayo, bagaman malakas ang kutob ni Thelma na babala ang bawat kidlat at kulog, hindi na niya hinintay na maabot siya ng pagwawala nito. Nang dumampi ang hangin sa kanyang balat ay tumayo siya sa kinalalagyang sanga. Hinayaan niyang balutin siya ng malamig na simoy, saka tumalon.

“Lahar yan no?”

Nagising si Jigs sa tapik ni Milo, inabot siya nito mula sa passenger seat saka itinuro ang malawak na puti sa ilalim ng tulay. Kahit hindi dumungaw ay um-oo si Jigs, 1991, Mount Pinatubo eruption, saka sinubukang muling magpatangay sa hele ng umaandar na kotse. Pilit niyang binalikan ang nanay sa panaginip: bumagsak ba siya sa lupa, mayroon bang sumalo sa kanya, sumabit ba siya sa mga tangkay o nakakapit sa sanga? Ilang linggo na ring nasa isipan ang nanay, hinihila ng lupa at ng

hangin kaya nananatiling lumulutang, pinag-aagawan ang iisang katawan.

Nagsimula ang lahat nang magplano ang pinagtatrabahuhang NGO para sa isang fact finding mission sa minahan sa Zambales. Meeting noon sa opisina, naghahanap ng mga available na taong luluwas para dumugtong sa mga komunidad na apektado at magbigay ng suporta sa mga lokal na organisasyong masa na nagsusulong ng laban kontra-mining. “Si Jigs, taga-roon,” sabi ni Milo na nagpasok sa kanya sa mismong NGO. Bago pa man kumontra si Jigs ay napagpasyahan na ang mga sasama. Dinala na rin niya ang camera at ilan pang equipment—mungkahi ng iba, magandang liban sa makukuhang datos para sa gagawing report ay magandang makakuha rin ng mga larawan at video para sa dokumentasyon. “Baka makagawa ka pa ng dokyu,” sabi ni Milo sa karelasyon habang ineempake ang mga gamit na dadalhin nila, alam ang mga pangarap at frustration nito sa pamemelikula simula college.

“Malayo pa ‘to sa inyo?” si Rachel na ang nagsalita, bahagyang nilakasan ang boses para magising ang kaibigan sa likod.

Tuluyan nang dumilat si Jigs at tumingin sa labas ng bintana. Nadaanan na nila ang tulay ng lahar—Botolan na ata, hindi siya sigurado. Binuksan niya ang cellphone at hinintay na matuldukan ng GPS ang kinalalagyan nila. Mga isa’t kalahating oras pa, sabi ni Jigs kay Rachel. Malalim ang buntong hininga ng designated driver kaya bumawi agad si Jigs, itinurong manlilibre ng pagkain si Milo sa fastfood na madaraanan nila sa kasunod na bayan.

Sa drive through, pinigilan ni Milo si Jigs na umorder ng marami, saka inulit ang schedule nila sa susunod na tatlong araw, masinop na nakalista sa isang itim na notebook. Una ay ibababa nila ang lahat ng gamit sa bahay ng tiyahin ni Jigs at doon mananaghalian. Hindi pa naipapakilala ni Jigs ang karelasyon kay Auntie Carolina, pero palagi namang nagpapasalamat si Milo sa walang mintis sa pagpapadala nito ng mangga, umabot sa puntong nag-aamoy mangga ang buong apartment sa Maynila. Pagkatapos ay bibisitahin nila si Ka Leah, lider ng lokal na organisasyon ng mga pesante. Sina Rachel at Milo ang nakatoka sa pagtatanong kaya si Jigs na ang maninigurado sa setup. Baka nga magka-oras siyang kumuha ng establishing shots at iba pang

pwedeng ipalaman sa prospect na documentary, isip niya habang kinakalikot ang settings ng camera.

"Hopefully by 6 PM tapos na tayo for today," sabi ni Milo, isinusulat ang oras sa gilid ng huling bagay sa itenary. "Kailangan din palang ma-ensure yung maghahatid sa atin bukas sa paanan ng bundok. Pinsan mo raw?"

Tumango si Jigs. Dagdag na tulong ni Auntie Carolina liban sa pagpapatuloy sa kanila. Kinausap nito ang pinsan ni Jigs—isa sa napakahabang listahan ng mga pinsan na hindi pa niya nakikita o nakikilala—iyong pwedeng magdala sa kanila sa kinalbong parte ng bundok at sa minahan ng nickel. Itinuloy ni Milo ang listahan ng mga taong iinterviewhin: mga opisyales ng probinsya, mga magsasaka, dating mga kasama sa kilusan ng mamamayan laban sa pagpasok ng malalaking minahan noong early 90s.

Paparada pa lang ang sasakyan sa tapat ng bahay ni Auntie Carolina ay tumakbo na palabas ang matanda, abot tenga ang ngiti. Niyakap niya nang mahigpit si Jigs bago pa man nito makuha ang mga gamit, halos hinila papasok ng bahay para makakain. Paksiw na borador, arosep, at tortang talong. Parang bibitayin naman kami sa dami nito Auntie, kantyaw ni Jigs. Sinuway siya ni Milo, na agad namang nagpasalamat sa masarap na ulam. Tumawa si Auntie Carolina saka dinagdagan ng arosep ang plato ni Jigs, kumukulay ang pinagsawsawang bagoong sa kanin.

"Okay naman kayong tatlo sa iisang kwarto?" Tumango sila. Sa nakalatag na kutson si Jigs at Milo habang mag-isa si Rachel sa kama. Dalawa lang ang kwarto sa bahay, minana pa ni Auntie Carolina sa mga magulang niya, lolo't lola ni Jigs.

"Di rin pwedeng maiwan mag-isa si Milo, Auntie. Takot yan sa multo e," kantyaw ni Rachel. Tumanggi si Milo, pero agad ding humabol ng tanong sa pagitan ng pagsubo ng kanin.

"May mga multo po ba dito? O aswang?" Nilingon niya ang lumang kahoy ng bahay, ang puting kurtina na nakaiipit sa sukbitang gawa sa balikong pako, ang puti at berdeng marmol na malamig sa talampakan. Liban sa maliit na alpombra ng Last Supper na pinagigitnaan ng malaking kahoy na kutsara't tinidor ay walang ibang relihiyosong gamit sa bahay.

Tumawa si Auntie Carolina. "Walang aswang dito."

"So may multo nga?" mabilis na pahabol ni Milo. Tumawa lang ulit ang babae.

"Meron, pero sa ibang bahay. Ang sikat dito sa amin, sirena, kasi malapit sa dagat. Mga kapre, duwende, tsaka tikbalang din. Pero ano ka ba, ang tanda-tanda mo na, nagpapaniwala ka pa sa ganyan!"

Agad iniwan ni Ka Leah ang pagbibilad ng mga dinadaing na burador para paunlakan ang pagdating ng mga bisita. "Doon tayo sa swing," sabi niya nang tanungin kung saan sila pwedeng mag-setup, itinuturo ang bakal na swing. "Hindi na yon gumagalaw dahil sa kalawang pero maganda ang view."

Hindi na kailangang ipaliwanag ni Ka Leah ang sinabi: mula sa kanilang bakuran ay tanaw ang bundok, o kahit papaano ay ang masukal pang parte nito. Mula sa pwesto nila ay naging mas malinaw rin ang kondisyon ng bukirin: tuyo ang lupa, nagmumukhang libingan. Pinaupo ni Jigs si Ka Leah sa pinaka-dulong parte swing, nalililimang bahagya ang mukha ng subject ngunit may sapat na liwanag para makita ang mga mata nito.

Sabi ni Ka Leah, namatay ang lupa noong nagsimulang magmina sa kanila. Hindi lang nakalbo ang isang pisngi ng bundok sa logging—binungkal at tinapyas ang lupa. Una sa pagpapatag ng pwedeng daanan ng malalaking truck, pangalawa sa mismong pagkuha ng minerales na kailangan ng mga dayuhang kumpanya. Binanggit ni Rachel ang mga pangalan ng mga kumpanyang may operasyon sa probinsya at tinanong kung tama ang mga ito. Tumango si Ka Leah pagkatapos ay itinuro niya ang bundok at tinanong kung nakikita ng mga bisita ang pula.

Mukhang kinakain ng kalawang ang bundok. "Puro puno iyan dati, kahit tanungin niyo pa si Carolina," muwestra niya kay Auntie Carolina na sumama na rin sa unang interview ng araw para ituro ang daan. "Ang natitira na lang na mga matatandang puno ngayon ay iyong malapit sa bahay niyo, sa Manggahan."

Pagpapatuloy ni Ka Leah, agad ding naramdaman ng tao ang epekto ng mina. Humalo sa hangin ang pinong buhangin at naging talamak ang hika at iba pang problema sa baga. Nang dumaan ang malalakas na bagyo ay tinangay nito mula sa bundok, una, ang mga trosong basta na lang isinantabi, at kasunod, ang tiwangwang na lupang wala nang pagkakapitan sa bundok. Nasira ng mga troso ang dalawang tulay sa kanila, habang sinira ng pulang putik ang mga palayan, ang mga ilog, at ang malaking parte ng baybay. Tumayo si Ka Leah at lumapit sa sementadong bahay. Sumunod naman si Jigs, bitbit ang camera.

"Hanggang dito ang putik," sabi ni Ka Leah, itinuturo ang guhit na pula sa semento, abot tuhod.

Lumuhod si Jigs para kunan ng video at larawan ang bahay at pulang mantsa sa semento. Mula sa camera ay tinantya niya kung saan sina Ka Leah, kasama ng asawa't mga anak nito, tulong-tulong na nagtapon ng timba-timbang pulang putik sa labas ng bahay. Hinanap niya sa bukirin ang alaala ng mga patay na palay. Binalik niya kay Ka Leah ang lens, zoom in sa matatalim na anggulo ng mukha, ang mahigpit na pagkakapusod ng buhok, habang kinekwento nito ang pagtitipon nila ng ilang mga magsasaka sa kanilang tahanan. Susundan niya ang mga daliri ni Ka Leah, itinuro ang direksyon kung hanggang saan siya hinabol ng mga tauhan ng minahan, ang hangganan ng maliit nilang sakahan. Kuha sa camera ang mabagal na pagtaas-baba ng balikat nito sa bawat hinga, ang pag-indak ng mga sanga ng punong mangga sa hanging amihan. Si Ka Leah, wala pang bakas ng dekada ng pagsasaka, tumatakbo sa kalawakan ng palayan. Si Ka Leah, ilang taon bago makalbo ang bundok, kasama si Thelma, sa isang barikada, sa gitna ng bumubuhos na ulan.

Tinapik ni Milo si Jigs, "Uy, magpaalam ka na."

Hindi namalayan ni Jigs ang paglipas ng oras, ang paglitaw ng buwan sa langit. Nakangiti sa kanya si Ka Leah, nagpasalamat sa pagbisita. Inabot ni Jigs ang kamay para magpaalam ngunit niyakap siya ng babae. Bago sila tuluyang makaalis ay nilingon ni Jigs si Ka Leah, nananatiling nakatayo sa labas ng bahay, tinitignan ang hindi maburang pula sa pader.

Inunahan ni Thelma ang tilaok ng pinaka-maagang tandang ngunit naabutan pa rin siya ni Carolina sa likod-bahay, kakasalang ng sinaing. Mabuti na rin at hindi ang Nanay, kundi mura at palo ang aabutin nito. Patay-malisya na siyang papasok sa bahay nang pigilan siya ng kapatid. Itinuro ni Carolina ang paa ni Thelma, namumula sa putik.

Dumakot si Thelma ng tubig sa timba ng kakaigib na tubig, hinayaang dumausdos ang pula sa lupa, bumabalik sa dapat nitong kalagyan. Akmang pabalik si Thelma sa pagpasok nang pigilan siyang muli ng ate.

"Nakita mo siya?"

Umiling si Thelma. Paano nga ba hahabulin ang hangin? Paano hahanapin ang anino sa kasuluk-sulukan ng gubat?

Parehong mga tanong ang nasa isip ng magkapatid ngunit umaasa si Carolina kay Thelma para sa mga sagot. Hindi ba't siya naman ang nakapaglagi sa gubat? Hindi ba't liban sa kaluluwa ng Lola Ising, sa mga maligno sa tuyong palaisdaan, at mga elemental sa likod-bahay, ay may iba pang natatanaw si Thelma?

"Anong balak mo?" patuloy ni Carolina, patuloy sa pag-aanak ng marami pang tanong.

Tinignan lang ni Thelma si Carolina, pero hindi lang ang kapatid ang nakikita, hindi lang ang ngayon.

"Thank you, Samuel," sabi ni Rachel sa kausap. Si Samuel ang nag-iisang taong naka-schedule na kausapin nila para sa araw na ito, isa sa mga susing organisador ng organisasyong masa kontra-mining. Paliwanag ni Samuel, sakto ang pagbisita nila sa probinsya dahil may naka-schedule na pagbaba ng mga truck ng lupa na ililipat sa mga barko. "Hindi pa sigurado ang mga detalye, pero padadalhan ko na lang kayo ng text," sabi ni Samuel. Inabutan niya si Rachel ng polyeto at primer, naglalaman ng mga mahahalagang impormasyon tungkol sa laban ng mamamayan sa probinsya, baka raw makatulong sa binubuong report. Halos napuno rin ni Milo ang sampung pahina ng notebook niya ng mga detalyeng ipapalaman sa binubuong case study.

Nasa gilid lang si Jigs, nakikinig sa usapan habang inililigpit ang mga gamit. Sinusubukan niyang alalahanin ang panaginip kagabi ngunit naaaninag lang niya ang mukha ni nanay at ng Auntie Carolina, nasisinagan ng gasera ang pulang lupa, naririnig ang mahinang apoy sa dalikan. Tinapik siya ni Milo, nag-aalala, "Lagi kang nakatulala." Okay lang ang matipid niyang sagot, tinuldukan ng ngiti.

May ilan na lang natitira na kailangan nilang makapanayam—mga dating tumutol sa unang pagpasok ng minahan sa kanilang bayan. Si Auntie Carolila rin ang nagbigay ng mga pangalan—si Tata Nanding, o si Nana Pansay, matalas pa ang alaala, pwede pang makausap. Salamat sa tulong ni Auntie Carolina at Samuel ay mabilis nilang nakapanayam ang ilan pang mga magsasaka, mga tindero't tindera sa palengke, mga nagdaan at kasalukuyang opisyales sa LGU at maging sa Kapitolyo. Maski ang mga kuha sa bundok para sa dokyu ay tapos na.

Alas-tres nang magpaalam si Samuel. Unang beses sa linggong iyon na napirmi sila sa bahay nang ganito kaaga. Sapat

ang lakas ng signal para magliban muna sila sa kanya-kanyang cellphone, pero halos isang oras lang ay tumigil din si Milo, masakit na ang mata at ulo sa pagkababad sa screen. Napansin din niyang basang-basa na siya ng pawis. Ika-limang araw na nila sa Zambales pero hindi pa rin nasasanay ang kanilang mga katawan sa init ng kapatagan. Inaasahan niyang presko ngayon, pero mukhang walang ganang makisama ang panahon.

Sumipol si Jigs, malakas, pumupunit sa katahimikan ng bahay, baka rinig pa sa buong purok. Parang kalarong sumagot ang hangin, sumipol pabalik, masayang sinalubong ng malamig na simoy ang kaibigang nag-aayang maglaro sa mainit na hapon. Pumasok ito sa bukas na pinto at bintana, kinakalas ang pagkakabuhol ng kurtina.

"Paano mo ginawa yon?" tanong ni Milo.

Magic, sagot ni Jigs, sabay tawa. Lumapit siya sa boyfriend at kinurot ang malagkit nitong pisngi.

"Pamahiin yan diba," sagot ni Rachel. "Kung gusto mo ng hangin, sumipol ka para matawag 'to. Ganoon din sa amin."

Sinubukang sumipol ni Milo. Walang hangin ang dumating at natawa si Rachel at Auntie Carolina. "Mas malakas pa," sabi ni Rachel, "yung maririnig ng mga engkanto." Pigil ang tawa, sumipol ulit si Milo, binasa muna ang labi para mas maglapat at maging matinis ang tunog.

"Wala pa rin e," sabi niya.

"Kadalasan, sumisipol lang nang sumisipol ang tao hanggang humangin kaya parang may relasyon ang dalawa," paliwanag ni Rachel habang nakatitig pa rin sa telepono, na sinagot lang ni Milo ng tango.

Bumalik silang lahat sa kanya-kanyang ginagawa, tinanggap ang kapalaran ng araw na iyon, nang muling sumipol si Jigs. Mahina lang, dalawang nota, isang mababa at isang bahagyang pagtaas, parang simula ng isang kanta. Dumating muli ang preskong hangin at nagtinginan ang mga magkakaibigan. Si Jigs, ngumiti, muling binigkas ang salitang magic.

Sampu ng mga pumasok sa pusod ng gubat at nangahas na hulihin si Sagadsad, tanging si Thelma lang ang nakagawa.

Walang mas bibilis pa kay Sagadsad. Siya ang signos ng bagyo—bago lumatag ang kulimlim ay nalibot na niya ang buong bayan. Dala ng hangin niya ang babala sa mga mangingisdang

kailangan nang bumalik sa pampang at sa mga magsasakang kailangan nang sumilong. Oo't mas malawak ang sakop ng kulog at kidlat ng ama, Dagundong sa kalawakan ng kapatagan, baybayin, burol, at lambak, at maging ang Hinahon ng ina ang kukumot sa iniwan ng pananalanta, ngunit si Sagadsad ang nagtatakda ng kaligtasan ng tao.

Isang araw nang mas ginalugad ni Thelma ang kalaliman ng gubat, nakita niya si Sagadsad. Una ay anino lang ito sa lilim, ang mga braso at binti ay sanga ng puno. Pangalawa ay liwanag, tumalbog na sinag ng araw sa gintong buhok. Sinubukang kausapin ni Thelma si Sagadsad, tinawag mula sa malayo, ngunit walang panahon ang tikbalang sa tao—masyado silang mabagal magsalita, matagal kumilos, napakabilis ng panahon sa mundo.

Inaraw-araw ni Thelma ang pagppasok sa gubat. Nang mapansing tuwing bagyo lang lumalabas si Sagadsad ay umayon siya sa pagdating ng ulan. Ilang beses siyang napagalitan ng inay at itay, madulas ang lupa, ililigaw ka ng mga nakatira roon, hindi ka na makakabalik dito, ngunit sigurado si Thelma. Halong kutob at sipag sa pakikinig sa anunsyo ng bantay-panahon sa radyo, naabutan niya rin si Sagadsad. Umakyat si Thelma sa tuktok ng pinakamataas na sanga ng pinakamataas na puno ng mangga at nag-abang—doon lumalabas si Sagadsad patungong bayan, at doon din bumabalik papasok ng gubat. Tinignan niyang maigi ang tuktok ng bundok kung saan namumuo ang mga itim na ulap. Nang dumampi ang hangin sa kanyang balat ay tumayo siya sa sanga. Anumang oras ay lalabas na si Sagadsad.

Hinayaan niyang balutin siya ng malamig na simoy saka siya tumalon. Sa isang iglap ay nakapangibabaw na siya kay Sagadsad. Sinubukan siyang ihulog nito pero mahigpit ang kapit ni Thelma sa buhok ng tikbalang. Binilisan pa ni Sagadsad ang takbo, mas mabilis pa sa kaya niya, hanggang mabali ang mga sangang madaraanan, hanggang madurog ang lupa at batong tinatapakan. Natapos sila sa pagbabalik sa puno ng mangga kung saan bumagsak si Sagadsad sa pagod. Sa tabi niya, si Thelma.

"Sabihin mo ang nais mo," sabi ni Sagadsad. Halos di maintindihan ni Thelma ang salita sa bilis ng pagbitaw dito.

Tumawa si Thelma, di namamalayan ang sariling pagod. Ang pangalan mo, sabi niya. Gusto kong malaman ang pangalan mo.

Dali-daling sumakay si Jigs sa kotse. Naghahanda na silang lahat para gumayak sa mobilisasyon nang tumawag si Samuel. May pito raw na hinuli dahil hinarang ang paglabas ng mga truck ng lupa. Marami raw ang nando'n, ilang dosenang mamamayan mula sa iba't-ibang barangay.

"Gumawa kami ng human chain para di tumuloy ang truck tapos pinagpapalo na kami ng mga goons," paliwanag ni Samuel sa telepono. Sumunod na dumating ang mga pulis at pinagdadampot ang mga kasamahan nila. Baka raw sakali ay makatulong sila Rachel sa pagpapalaya ng mga iyon at maibalita ang karahasan sa mga contact nila.

Pagdating na pagdating sa istasyon ay nilabas agad ni Jigs ang camera at itinutok sa nagpoprotesta at sa mga pulis na nagbibingi-bingihan sa harap.

"Palayain, palayain!" sigaw nila. Nakita nila si Samuel, sumisigaw kahit may benda ang noo at ilang sugat sa braso. Agad silang humingi ng detalye, may nacontact na bang abogado, ano ang mga pangalan ng mga hinuli. Pagkatapos ay dumiretso si Rachel sa loob ng pulisya, at nang hindi pinapasok ay sinabing paralegal siya ng mga nahuli. Nagsalita rin si Milo, anong mga kaso ng hinuli, karapatan nilang makausap ang pamilya at makakuha ng representasyon.

Kinagabihan ay dumating ang abogado, galing pa sa kabilang bayan kaya natagalan, pero hindi pa rin umalis ang mga nagpo-protesta. Naglunsad sila ng prayer vigil sa harap ng istasyon. Si Jigs na ang nagsilbing runner, bumili ng mga kandila at iba pang materyales. Si Auntie Carolina ay sumama sa asawa ng isa sa mga nahuli para magluto ng maaaring kainin ng mga tao sa vigil. Si Ka Leah ay nandon din, nagsalita tungkol sa kasaysayan ng panggigipit ng mga mining companies sa bayan nila, ang patuloy nitong paninira sa kalikasan at sa kanilang kabuhayan, at ngayon naman ay direktang pandarahas sa mga lumalaban dito.

Napagpasyahan ng tatlo na manatili hanggang kinabukasan kasama ng mga nagpoprotesta. Si Jigs na lang ang maghahatid kay Auntie Carolina dahil kailangan ng magbabantay sa bahay. Kukuha na rin daw siya ng mga ekstrang damit para mas komportable ang gabi sa pinagkakampuhan nila.

"Pareho kayo ng nanay mo," sabi ni Auntie Carolina kay Jigs, bago sila gumarahe. Bakit, tanong ni Jigs, dahil lapitin kami ng gulo?

"Pareho kayong malayo ang tanaw."

Agad sumagot si Jigs, hindi naman 'yon namamana. Si Rachel at Milo, malinaw rin ang mga mata nila, alam ang dapat gawin sa oras ng emergency kasi naranasan na nila 'to sa ibang bayan, kasama ng ibang tao, pero halos parehong konteksto. Alam din nila ang tama at mali, at nakita nilang wasto ang ginawa ng mga tao. "Siguro nga," sabi ni Auntie Carolina. Pinagbalutan niya si Jigs ng mangga at natirang kakanin na bigay ng kapitbahay. Bumulong ito, "ingat ka," bago tuluyang nawala ang liwanag ng sasakyan.

Nasa gitna ng barikada si Thelma nang bumuhos ang ambon. Sa ibang pagkakataon ay agad silang sisilong dahil masamang mabasa ng ulan habang may araw, baka mapasma, mas madaling magkasakit, malas. Hindi ngayon.

"Sumilong ka na doon," pilit ni Carolina kay Thelma, pero hindi siya bumitaw sa pagkakakapit sa bulto.

Lahat sila ay nanatiling nakatindig sa harapan ng mga truck na gagamitin pangbungkal ng lupa at pangtibag ng bundok. Imbes magpadala sa kapatid ay hinawakan ni Thelma ang kamay ni Carolina at hinila siya sa hanay. Tinignan ni Carolina ang langit. Walang ulap sa paligid pero tuloy-tuloy ang buhos ng ulan. "Baka makasama sa bata," panibagong pangungumbinsi niya kay Thelma.

Umiling naman si Thelma. Malakas ang bata, sabi niya, singlakas nating lahat.

Humarap si Thelma sa kapatid ngunit hindi si Carolina ang nakita nito, kundi ang napipinto niyang pag-alis sa maliit nilang bayan. Nakita niya ang pagtigil ng pangungumbinsi ng kapatid sa kanya para manatili. Ang mga magsasakang nasa hanay ay mga katrabaho niya sa pagawaan ng tela sa Maynila, at ang mga truck ay mga naglalakihang mall at condominium. Hindi niya maramdaman ang hangin sa maliit na kwartong inuupahan nilang mag-ina. Makekwento ng ate niya na madalang na ring magbabala ang hangin sa mga paparating na bagyo at aasa ang lahat sa anunsyo sa radyo at TV. Milya-milyang sinulid ang dadaan sa kamay niya para maitaguyod si Jigs. Pagkatapos nito sa kolehiyo ay babalik si Thelma sa Zambales bago mamatay nang hindi nagpapaalam sa anak. Pagbalik ni Jigs sa probinsya saka

lang nito makikita ang anumang nakikita ni Thelma, ngayon, sa gitna ng barikada, sa ilalim ng di tumitigil na ulan.

Nakalaya na sila, sabi ni Jigs kay Auntie Carolina pag-uwi kinabukasan. "May kaso pa rin pero malakas ang laban," dagdag ni Rachel, habang itinatanim nilang tatlo ang mga buto ng mangga sa likod bahay. Maya-maya pa ay binalikan ang mga gamit, tinignan kung wala nang nakalimutan. Kinakailangan na kasi nilang umuwi, nang mahabol pa ang mga pasok bukas.

Baka bumalik ako dito next month, o kahit next week, sabi ni Jigs.

"Mabuti nang may makasama ako dito sa bahay paminsan. Ano bang oras ang alis niyo?" Tinignan ni Jigs ang oras sa cellphone. Maya-maya siguro, Auntie, bago magtanghali para hindi maabutan ng traffic sa Maynila.

Hinawakan ni Auntie Carolina ang kamay ni Jigs, hinila palabas ng bahay. Itinuro niya ang burol malapit sa kanila. "Pumunta ka sa likod niyan. Madali lang sundan ang daan."

Hindi ba ako mawawala? Inaalala ni Jigs ang hinahabol na oras. Umiling lang si Auntie Carolina at tinulak siya patungo sa direksyon ng puno.

Mabilis niyang natunton ang puno ng mangga. Mula sa likod bahay ay sinundan niya ang isang tukoy na daan, hindi tinutubuan ng damo, na para bang hanggang ngayon ay dinaraanan pa rin ng tao. Malalagpasan niya ang ilang puno ng mangga, malalaki na't pwedeng akyatin, pero alam niyang hindi ito ang tinutukoy ng Auntie. Paglabas sa kasukalan ay makikita niya ang pinakamalaking puno ng manggang nakita niya. Mas mataba pa sa hita ni Jigs ang mga sanga nito sa tuktok. Mula sa paanan nito, hindi niya matanaw ang nakalbong parte ng bundok, ang pulang lupa.

Umupo siya sa lilim ng puno, iniisip kung gaano katagal bago tumubo ang itinanim niyang buto ng mangga sa likod bahay ni Auntie Carolina, at kung buhay pa siya para makita ang pagyabong nito. Sumipol si Jigs at dumating agad ang hangin, walang pag-aatubili. Ipinikit niya ang mga mata at natulog. Mamaya, darating si Milo para gisingin siya at yayaing umuwi.

Ilang sandali pa ay dumating si Thelma at tumabi sa lalaking natutulog sa ilalim ng paborito niyang puno. May hawig ang lalaki sa tatay ni Thelma, ang ilong nito, malapad ang dahon

pero matangos, at ang singkit na mata naman ay gaya sa kanyang ina. Ngumiti si Telma at umupo sa tabi ng lalaki. Pumikit siya at hinimas ang lumalaking tiyan, pinapakiramdaman ang init na nagmumula rito. Sumipa ang bata at isang malakas na hangin ang bumalot sa kanila.

## ANG DISTANSYA SA "KUNDI DUGO AY HANGIN"

Lumaki ako sa tabi ng dagat. Tatlong minuto mula sa bahay—hindi totoong tabi—pero malalasahan mo na ang alat sa tubig sa gripo at poso. Kaya madalas nangangalawang ang mga kubyertos namin at nasisira ang mga sosyaling tubo na pinalagay ng tatay ko sa banyo. Puno ng dagat ang alaala ko mula pagkabata, ang mga hiwa sa talampakan dahil sa talaba, ang mga lumilipad na borador, ang tamis ng sinantolang pagi, ang adobong pusit.

Buong buhay ko ay lumalangoy ako sa dagat, sapat para makalimutan na may bundok at gubat ang kinalakhang probinsya. Minsan, iniisip ko kung ito ba ang dahilan kung bakit mas madaling nakapasok ang mga minahan dito, dahil nakatuon—o tinuon—ang pansin ng tao sa tubig, at hindi sa lupa.

Bakit hindi ko maalala ang bundok? Gaano katagal bago ko naalala ang bundok?

Tinatangka ng kwentong bagtasin ang mga distansya. Una, ang layo ng dagat sa bundok—ang layo ko sa Tapulao, ang layo ko sa Pinatubo, ang layo ko sa pangangalbo ng mga bundok ng Santa Cruz, at kung paanong kahit buong buhay nang nakatira sa bayan na ito ay naging bulag at malayo pa rin sa paglalapastangan sa mga ito. Pangalawa, ang pagitan ko at ng aking ina di lamang sa geographical kundi temporal—kailan kami magtatagpo, gaano katagal.

Nais ng kwentong tignan ang pagkakatali ng tao sa alaala at alaala sa tao; at, kung paanong sala-salabit ang mga koneksyon at relasyong personal sa mas malawak na hawi ng kasaysayan. Hinihiling ng kwento na bagtasin ang dugtong ng anak sa ina, ng mga anak sa mga ina, kahit hindi kadugo, kahit iisang hangin lang ang mapagsasaluhan ng mga magkahiwalay na katawan.

Halong pagmamalaki sa pinaghirapang relasyon namin ng aking ina, na binuo at hinubog ng paglalapit at paglalayo at mga namamagitan dito; halong pagtatanaw sa maaaring koneksiyon ng dalawang tao labas sa itinakda ng dugo o pyudal na tipo ng pamilya, ngunit mas nakabatay sa likas na pagnanais na makibahagi at magbahagi ng buhay sa isa't-isa.

Iniisip din, sa pagsusulat, ang lahat ng babae at inang nagtaguyod ng kanilang mga anak sa maliit naming barangay. Iniisip kung paanong pinagpasyahan nila ang mga bagay na minsan—o madalas—ay ipinilit sa kanila, at kung paanong makakahanap ng paglaya at paglaban sa araw-araw na gawain, sa pagtindig, sa pag-alis at pananatili.

Sa dulo, tinatanaw ko ang tali na kailangang kalagin sa pagkakabuhol, para maging malinaw kung ano nga ba ang nagdudugtong sa baklang anak at inang natatakot para sa mundong magiging marahas sa buhay ng buhay na nanggaling sa kanya.